**MENDOZA, John Eduard C.**
**N2A**
**Ma'am Lerma Casubuan**

# Mga Maikling Kwento sa Panahon ng Batas Militar at Bagong Lipunan

Panitikan sa Panahon ng Bagong Lipunan o Batas Militar

- 1972-1986-panahon ng Bagong Lipunan
- Setyembre 21,1972-idineklara ang Martial Law
- Bagong Lipunan-pagbabagong tatag
- Naging makatotohanan ang paksa ng mga ito at natuon sa tema ng Bagong Lipunan.
- Temang makabansa at paglaban sa mga naaapi
- Marami ang ipinagbawal noong panahon ng batas militar, at isa na rito ang pagtuturo ng panitikan.
- Isinalaysay ni Efren Abueg, propesor noong panahon ng Batas Militar, ang pagtuturo ng panitikang naglalahad ng mga damdaming kumakalaban sa paniniil at kawalan ng hustisya sa ilalim ng dektadurya.
- Nagpatuloy ang Gawad Palanca sa pagkaloob ng gatimpala sa mga namumukod na maikling kwento.
- Sumigla ang pagsulat ng mga manunulat sa paksang hitik sa mga pangyayaring nagaganap sa lipunan ngunit walang nailathalang mga kwentong tumutuligsa sa Batas Militar at ang epekto nito sa karapatang pantao at kalayaan ng mga mamamayan.
- Bukod sa Gawad Palanca, isa sa nakatulong upang mapasigla ang pagsulat ng maikling kwento sa panahon ng Bagong Lipunan ang " Sagisag". Nagkaloob din ito ng Gawad Sagisag.

Mga paksain ng maikling kwento:
1. Pagbibigay ng lupa sa mga magsasaka.
2. Pagbabalik-bukid ng mga tauhang nasasakal na sa magugol at mausok na lunsod.
3. Kahirapan ng pagkakaroon ng maraming anak.
4. Mga pang-araw-araw na pangyayaring kapupulutan ng aral.

This study resource was shared via CourseHero.com

## Malalim ang Gabi

This study source was downloaded by 100000829817994 from CourseHero.com on 08-17-2021 22:53:30 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/59118440/Malalim-ang-gabi-Paltos-sa-Paa-ng-Burgisdocx/

# By P. Peralta

## MALALIM ANG GABI

*Ponciano B.P. Pineda*

*Ang layunin ay unang nagaganap sa isipan,*
*Bago nagaganap sa katotohanan.*



"Tingnan mo, Oming." Nagniningning ang maamong mukha ni Sinang, "para magtatatlong taon pa lang... tatlo nga ba? Siyanga, magtatatlong taon pa lang katang kasal ngayon, pero kalabo na ng retratong 'to..." Malikot ang maliit na ningas ng ilawan sa tabi ng santalampakang krusipiho sa dambana. "Makilala kaya tayo rito ni Totoy, paglaki niya?

Hindi nakamasid si Oming. Pumanatag siya sa pagkahiga. Mabuti pa, anya sa sarili habang nakatingin siya sa kanyang maybahay, ang ikaw ang malibang, ang makalimot ka sa lagi mong iniisip.

Binalot ng babae ang larawan at iyon ay isinama sa mahahalagang bagay na nakasapin sa baul. "Baka pa 'to mawaglit e, 'ala man lang pagkakakilanlan sa 'tin ang bata...

Ngayon lamang nakita ni Oming, pagkaraan ng maraming gabi't araw, na may ngiti ang kanyang maybahay, may tanda ng bagong katuwaan. Ang katotohanang ito ay nagdulot ng piping kaligayahan sa puso ng lalaki.

Magbuhat nang looban ang mabait na mag-asawang Elias at Sisa at utangin ang buhay nila pagkatapos, isang hatinggabing madilim kagaya ngayon, ay lumala ang sakit na nerbyos si Sinang. Hindi siya napagkatulog, tinabangan sa pagkain, naging malungkutin at nahulog nang nahulog ang dati'y malusog na katawan.

"Hus! Heto pala't di pa nauunat ang barong 'to ni Totoy. Danga't mahirap 'tong kung ano man ang mangyari sa kanila't di man lang nakaayos ang maiiwan sa bata."

At samantalang nalilibang si Sinang sa kanyang ginagawa'y nabubuo naman sa alaala ni Oming ang pangyayaring nagmulto sa Kapatagan (ang kanilang nayong malayo sa daang-bakal, ang nayong maligalig, ang lupang pinag-ugatan ng kanilang buhay, pinaglaguan ng kanilang mga pangarap at kanilang kalilibingan.)

Tatlong punglo ng rebolber ang naglagos sa dibdib ni Elias, at isa ang sumapol sa puso ni Sisa... Madilim noon... Malakas ang hanging may taglay na ulan...

*Natutulog na ang mag-asawang Elias at Sisa. Tiyak na ang kanilang pag-ahon sa bayan kinabukasan. Nagising ang babae sa tahol ng asong nakapugal sa silong. Nagmatyag... at siya'y nakarinig ng dalawa o tatlong matitinding palo. Naputol ang pagtahol ng aso. "Elias!... Elias...!" Maliksing bumalikwas ang ginising: Dumungaw. Mga tao! At may nagbaba ng hagdan. Kung ilan ang matuling nagsipanhik.* Mabagsik na apoy ang nadama ng lalaking dumaloy sa kanyang ugat...

Nakatapos na sa pag-aayos si Sinang, at bago siya nahiga sa piling ni Oming ay siniil muna sa pisngi ang lalaki. May bagting na nakalabit sa puso ni Oming.

At, kaiba sa karaniwang ginagawa'y ipinagitan ng babae sa kanilang magsingpuso ang bugtong na supling ng kanilang pagmamahalan.

"Hmmm! ang bunso ko... paglaki niya, siya'y mag-aaral... Magiging matapang din kayang paris ng tatay niya?" Tumawa si Sinang: magtimpi (Noong nililigawan pa lamang ni Oming si Sinang ay ka-muntik nang utangin ng binata ang buhay ng isang manliligaw ni Sinang na naglalasing-lasingan at nagtangkang humipo sa magagandang kamay ng dalaga. "Samantalang nabubuhay ako'y walang sino mang makahihipo sa mga kamay mo kundi ako lamang!" sabi ng binata.)

Pinagtatadyakan ng nagsipanhik ang pinto. Nabuksan. "Walang sisigaw!" Nilapitan ng unang lalaki si Elias at tinutukan ng rebolber sa dibdib. "Dapa!" Umurong si Elias. "Dapa!" Umurong nang umurong hanggang sa masalat ng kanyang kanang paa ang kamuning na balilang parating kapiling sa pagtulog. Sinambilat ng bagong dating si Sisang nagdarasal. Kinaladkad at ipinagtulakan, hanggang sa malugmok sa isang sulok ng bahay...

Nagulat ang nag-iisip na si Oming sa tinig ni Sinang. "Kasi'y ayaw mo pang lumuwas na tayo sa Maynila."

*Matapang na babae si Sisa. Bumakas sa buo niyang katawan ang kanyang pakikilaban... Maga ang kanyang maamong mukha. May mga pasa siya sa bisig... sa buong katawan ... At ang damit ni Sisa'y punit, buhat sa leeg, pahaba sa laylayan...*

*"Tulungan mo 'ko Elias!" "Diyos ko... Diyos ko... Elias ...El..." Sa pandinig ng hindi-na-makaramdam-ng-sakit na si Elias ay nauubos ang tinig ni Sisa. El..." At sa damdam ng sumusukong katawan ng babai'y unti-unting natatambad nang buung-buo sa hatinggabi ang kanyang busilak na kabuuan....*

May tinggang kamay sa kumipil sa puso ni Oming. Napabuntunghininga siya: Kung gano'n ang mangyayari sa akin... kay Sinang ... kay Sinang ko...."

"Ha, Oming luluwas na tayo? Ha? Ha?"

"E, dito, baka pa tayo maparis sa... ang bunso ko... paglaki niya, mag-aaral ... mag-aaral...."

Nagulantang sa malaking tuwa si Sinang. Gumulong na palapit sa dinding ang kaputol na bakal na parating inilalagay ni Oming sa kanilang paanan sa tuwing sila'y mamamahinga na.

Tumaginting ang tinig ng babae. "Payag ka na, ha... Oming?"

"Oo, Sinang."

"Kailan? Ha?" Naging musmos si Sinang. "Kailan?"

Hindi nagsalita si Oming.

"Bukas na, ha? Ha? Oming?"

Halos hindi narinig ni Sinang ang tugon ng kanyang tao. "Oo...Sinang ... bukas...."

Galak na galak ang babae. "Pagdating natin sa Maynila'y makisuno muna tayo kina Ka Simang sa Tundo. Saka na tayo humanap ng ating mauupahang kwarto... May naitatago pa ako riyang... mga labintatlong piso... pito, walo, sampu at ...siya nga, labintatlong piso at may barya pa. May matitira pa naman siguro pagkatapos mabayaran ang pasahe..."

Hindi na nakikinig si Oming. Nagbalik ang kanyang diwa sa hindi niya maiwasang guniguni. *Mga kalampag sa dinding at sahig ang unang tumawag ng pansin namin buhat sa malayo... at sunud-sunod na putok pagkatapos...!*

Nabuwal ang santukristo sa pakikipaglaban ni Elias. Tumama sa ilawan. Nagdilim. Hindi na makatutol si Sisa... Si Sisa... Si Sisa... "Si Sisa ko..." Naapuhap ni Elias ang kamuning na balila, tinipon ang nalabi niyang lakas at siya'y umigtad. Hinawakang mahigpit... Nagpilit tumayo. At iwinasiwas ang kanyang hawak. Nakahagilap. Inulit ang pagpalo... Inulit... Inulit... Inulit...

Humuhumbo ang mga pakpak ng katuwaan sa dibdib ni Sinang.

"Maaga akong babangon bukas. Mga damit na lang at ilang kasangkapan ang dalhin natin. Iwan na natin ang mga abubot. Pagdaratnan din natin siguro ang maiiwan diyan, pagdating natin...Magtitinda ako sa palengke o sa talipapa

**Si Ponciano B. Peralta Pineda ay isang manunulat, guro, linggwista at abogada. Itinuring si Ponciano Pineda bilang "Ama ng Komisyon sa Wikang Filipino" dahil sa pagsulong niya na maitatag ang komisyon batay sa Seksiyon 9 ng ating Saligang Batas. Siya ay naging direktor ng**

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000829817994 from CourseHero.com on 08-17-2021 22:53:30 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/59118440/Malalim-ang-gabi-Paltos-sa-Paa-ng-Burgisdocx/

**Komisyon sa Wikang Filipino na dati ay Surian ng Wikang Pambansa sa taong 1971 hanggang 1999. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, sinimulan ni Pineda ang mga sosyo-linggwistikong pananaliksik, na layong palaguin ang wikang pambansa. Isa na rito ang patungkol sa repormang ortograpiya ng wikang Filipino. Sa ilalim ni Pineda ay may malaking pagbabago sa mga patakaran ng wika: ang bilingual na edukasyon sa taong 1974; Filipino bilang pangunahin at pambansang wika sa 1983 ng mga Pilipino; at alpabetong Pilipino na binubuo ng 28 titik sa 1987. Itinatag ang 12 Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino sa buong kapuluan. Pinarangalan ng Gawad Palanca si Pineda ng una at ikalawang gantimpala para sa kanyang mga maikling kuwentong “Ang Mangingisda” (1958) at “Malalim ang Gabi” (1953).**

**Ang "malalim na ang gabi" ay tumutukoy sa madilim at masidhing mga problema sa buhay ng tao. Isinulat ito ni Ponciano B. Penida  noong taong 1953.**

**Masidhing mga problema sa buhay na para bang kasing lalim na ng hating gabi dahil sobrang suliranin na para bang nang didilim. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng lirikong awit.**

**Gustong makamit ang kaligayan pero napakahirap abutin. Pinapasulong ang katapangan ng Filipino upang makamit ang kaginhawaan ng buhay at mapaglabanan ang mga hamon sa buhay.**

This study resource was shared via CourseHero.com

# Paltos sa Paa ng Burgis

## By J. Magtulis

**Si Julian Magtulis ay ang pangalan ng isang fictionist sa wikang Hiligaynon, na inilantad ang mga gawa ng mga panatiko na pangkat ng relihiyon sa mga liblib na nayon ng bundok.**

This study source was downloaded by 100000829817994 from CourseHero.com on 08-17-2021 22:53:30 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/59118440/Malalim-ang-gabi-Paltos-sa-Paa-ng-Burgisdocx/

**"Paltos sa Paa Sang Burgis" (Bruises on the Feet of the Bourgeois) ni Ricardo Oebanda (Julian Magtulis) as isang magandang ihemplo kung paano namuhay sina Lucero at ang iba pang nakaligtas sa estero na tinatawag na Looban.**

**Ang bourgeoisie or burgis ay mga taong nasa gitnang antas ng lipunan na naging makapangyarihan at maimpluwensiya sa ekonomiya.**

**Ito ay binubuo ng mga sumusunod:**

- **Mangangalakal**
- **Banker**
- **Shipowner**
- **Negosyante**
- **Namumuhunan**

**Dahilan ng kanilang paglakas**

- **dahil sa lakas ng kita**
- **may impluwensiya sa pamahalaan sa pamamagitan ng paggawa at pagpapatupad ng mga patakaran**
- **dahil narin sa impluwensiya pagdating sa kultura katulad ng mga nobelista at mga manunulat na sina Jean Jacques Rousseau, Voltaire, Denis Diderot at marami pang iba.**
- **pinamunuan din nila ang mga pagbabago sa mga bayan at mga lungsod sa Europe.**

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000829817994 from CourseHero.com on 08-17-2021 22:53:30 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/59118440/Malalim-ang-gabi-Paltos-sa-Paa-ng-Burgisdocx/